# Ang Guro at ang Kanyang Agam-agam

*Joseph C. Eco, EdD*

Malinaw ang mata na siyang tumitingin
Sa lawak ng silid.
Ngunit sa paglipas ay nanlalabo ring tila
Kumukupas na salamin.
Sa isang tagong sulok
Ay mababanaag ang lungkot
Sa paghahangad na lahat ng kaluluwang nakikinig
Ay mabigyan ng landas.

Kinakabahan siya,
Ang pagdududa'y higit sa saknong
Na mabibigkas ng isang mananalumpati.

Walang kasiguraduhan.
Patuloy siya sa kanyang agam-agam.

Ang guro
Ang pagiging guro
Ang mismo niyang pagdududa.